

ANG BALANGKAS NG MULTIKULTURALISMO AT ANG PAGBUBUO NG BANSANG PILIPINO

Dr. F.P.A. Demeterio III
De La Salle University
Taft Avenue, Manila

PANIMULA

Habang abala ang nakararaming Pilipinong intelektwal, tagapagtaguyod ng kultura at beyurokrato sa pagbubuo ng bansang Pilipino, tila natatakpan sa ating paningin ang unti-unting pagkakabura sa kultural na kaakuhan ng marami nating pangkat etniko na nagdudulot ng samut-saring suliranin at pagdurusa. Gamit ang balangkas ng multikulturalismo, susuriin ng sanaysay na ito ang mga negatibong aspeto at kakulangan ng ating pagsasabansa. Ilalahad ng sanaysay na ito na ang multikultural na kaisipan ay hindi ang kabaligtaran ng ating pagsasabansa. Sa katunayan, may malaki itong maiaambag sa pagtugon sa mga usapin tulad ng rehiyonalismo, hidwaan ng mga Kristyano at Muslim, katayuan ng mga minoryang pangkat, ugnayan ng mga pangkat etnikong nagsama-sama sa mga malalaking lunsod, at pati sa ating pagdadalumat sa kinabukasan ng ating mga pangkat etniko na tiyak masasagasaan sa umiiral na monokulturalisasyong dala-dala ng ating pagsasabansa, ng modernisasyon at ng globalisasyon. Sa punto de bista ng sanaysay na ito ang balangkas ng multikulturalismo ay magsisilbing tagabantay sa katayuan ng ating mga pangkat etniko at patnubay para sa isang mas mabisang pagbubuo ng bansang Pilipino.

ANG KONSEPTO NG ‘MULTIKULTURALISMO’

Ang usapin tungkol sa multikulturalismo ay umusbong dahil sa mas naunang moderno at Europanyanong konsepto, ang ‘bansang estado’. Sa larangan ng agham pulitikal may malaking pagkakaiba ang ‘bansa’ sa ‘estado’, dahil ang ‘bansa’ ay isang kategoryang kultural, habang ang ‘estado’ naman ay isang kategoryang pulitikal. May mga pagkakataon na ang heograpiya ng isang bansa ay hindi tumutugma sa heograpiya ng kanyang kinabibilangang estado; tulad halimbawa ng bansa ng mga Hudyo, na sa mahabang panahon bago matapos ang Ikalawang Pandaigdigang Digmaan ay walang sariling estado; o di kaya tulad ng bansa ng mga Arabo na nakakalat sa iilang mga estado sa Gitnang Silangan. Ngunit sa isang bansang estado, ang heograpiya ng isang bansa ay tumutugma sa heograpiya ng kanyang kinabibilangang estado. Kaya sa loob ng isang bansang estado, ang bansa ay may iisang estado, samantalang ang estado naman ay may iisang bansa.

Bago maisakatuparan ang konseptong ito, ang mga Europanyano ay may dalawang sistemang pulitikal kung saan ang mga heograpiya bansa at estado ay hindi tumutugma: (1) ang sistema ng emperyo, at (2) ang sistema ng lunsod na estado at maliit na kaharian.

Sa sistema ng emperyo, ang isang estado ay may sakop na iilang mga bansa. Multikultural ang istruktura ng isang emperyo. Ngunit ang kalagayang ito ay hindi naging isang mahalagang usapin, dahil kadalasan mababaw at madalang lamang ang interaksyon ng mga bansang pinamumunuan ng iisang emperador. Sa sistema ng lunsod na estado at maliit na kaharian naman, ang isang bansa ay nahahati-hati sa iilang mga estado. Monokultural nga ang mga estadong ito, ngunit ang mas malawak nilang bansa ay nakakalat sa ibat-ibang estado.

Noong maisakatuparan ang konsepto ng bansang estado, sa pamamagitan ng pagguhit uli ng mga hangganan sa mapa at pagbubura sa kultura at katauhan ng iilang mga minorya, karamihan sa mga modernong estado ng Europa ay nagmimithing maging isang tunay na bansang estado. Dito nabuo ang kaisipan na dapat ang isang estado ay may iisang bansa lamang, at ang isang bansa ay may sariling estado, kahit pa man na sa kasalukuyan, ayon kina Jerzy Smolicz at Illuminado Nical, hindi lalampas ng isang dosenang estado lamang ang maituturing na tunay na bansang estado.¹

Sa Estados Unidos at Canada mahirap sundin ang modelo ng bansang estado. Una, bago pa man dumating ang mga Europeanong mananakop, ang Hilagang Amerika ay tirahan na ng ibat-ibang bansa ng mga Indio at Eskimo, na ngayon ay kinikilala ng mga Amerikano at Canadyano bilang mga sinaunang bansa. Pangalawa, iba't ibang Europeanong estado ang sumakop sa kontinenteng ito, ang mga Ingles, Espanyol at Pranses. Pangatlo, naging bukas ang Hilagang Amerika sa mga migranteng nanggagaling sa ibat-ibang bansa sa Europa, Asya at Africa, pati na sa Sentral at Timog Amerika. Kaya noon at hangang ngayon, mahirap kahit isipin man lamang na maging mga bansang estado ang dalawang malalaking estadong ito.

Magkakaiba ang ibig sabihin ng "multikultural" at "multikulturalismo." Ang "multikultural" ay tumutukoy sa pagkakaroon ng isang estado ng maraming bansa, katulad ng mga sinaunang Europeanong emperyo, at ng Estados Unidos at Canada. Samantalang ang "multikulturalismo" ay isang kamalayan, o ideolohiya, na minsan ay naisasabatas, na kumikilala at nasisiyahan sa pagkakaroon ng isang estado ng maraming maliliit na bansa, sinisikap ng kamalayan at ideolohiyang ito na mananatili ang kultural na pagkaka-iba-iba, at mabibigyan ng pagkapantay-pantay ang lahat ng mga etnikong grupo na nasasakop ng estado.

Ang mga sinaunang Europeyong emperyo ay mga multikultural na estado, ngunit wala silang kamalayan at ideolohiyang multikulturalismo. Sa katunayan, ang multikulturalismo ay nag-umpisa lamang sa Canada noong dekada 60 at 70. Sa kanilang web page na *Canadian Heritage*, ipinagmamalaki ng mga Canadyano na:

In 1971, Canada was the first country in the world to adopt multiculturalism as an official policy. By so doing, Canada affirmed the value and dignity of all Canadian citizens regardless of their racial or ethnic origins, their language, or their religious affiliation. The 1971 Multiculturalism Policy of Canada also confirmed the rights of Aboriginal peoples and the status of Canada's two official languages.²

Ang diskusyon na tumugon lamang sana sa hidwaan ng mga Canadyanong Anglophone (Ingles ang wika) at Francophone (Pranses ang wika) ay lumawak at kumikilala na rin sa mga Indio, Eskimo at iba't ibang pangkat etniko na naninirahan na noon sa Canada. Ang multikulturalismo ng Canada ay tinitingala ngayon bilang modelo ng isang makabagong multikultural na lipunan na nagsusumikap tapusin na ang pang-etnikong pang-aapi at pagpapa-api. Para sa mga Canadyano at sa mga naniniwala sa ideolohiya ng multikulturalismo, ang kamalayang ito ay hindi balakid sa pagbubuo ng pambansa, o pang-estadong, pagkakaisa. Ayon nga kay C. W. Watson, sa kanyang librong *Multiculturalism*:

The alternative to any attempt to create a monocultural society is to celebrate and encourage multiculturalism in the expectation that citizens who are proud of their culture and see that culture being endorsed by the state will be anxious to join in common citizenship with members of other cultural groups to protect the liberal tolerance which is so important for them. In such a perspective the enhancement of a sense of local belonging and an awareness of diversity paradoxically encourage a strong commitment to national goals and institutions.³

Ngunit ang multikulturalismo na umiral sa Estados Unidos ay hindi kasing-linaw sa Canadyanong katumbas nito. Ito ay dahil sa mas nauna nang palisiya ng Estados Unidos tungkol sa kanyang multikultural na katayuan na nakabatay sa layunin ng asimilasyon at gumagamit sa metaporang “melting pot.” Ipinaliwanag ni Watson na noong mga huling bahagi ng ika-19 na siglo ang mga migrante na dumadating sa Estados Unidos ay inaakit na iwanan nila ang kanilang mga katutubong kultura upang maging tunay at makabagong Amerikano.

Through a process of assimilation, then, facilitated by the state, all developed into Americans sharing a single common culture. Not only was this of course intended as description of what was occurring in the USA, it was also, in the light of social philosophy at the time, the desired outcome for which successive governments were trying to draw up a blueprint.⁴

Kasabay ng pagpasok ng ideolohiyang multikulturalismong mula sa Canada ay ang realisasyon ng mga Amerikano na hindi mabisa ang kanilang palisiya tungkol sa asimilasyon. Kung sa sentral na pamahalaan nag-umpisa ang multikulturalismo sa Canada, sa mga silid aralan naman umusbong ang usaping multikulturalismo sa Estados Unidos. Dahil sa hindi sentralisado ito, nahirapang labanan ng ideolohiyang multikulturalismo ang nauna nang palisiya ng asimilasyon. Sa Estados Unidos ang pumalit sa metaporang “melting pot” ay ang imaheng “salad bowl,” kung saan ang mga sangkap ay nanatiling magkakaiba-iba kahit na ang kabuoang ensalada ay may kanyang sariling katangian; habang ang pumalit naman sa konseptong “asimilasyon” ay ang salitang “integrasyon.”⁵

Mula sa Canada at Estados Unidos ang ideolohiya ng multikulturalismo ay kumalat sa Australya, Britanya, Alemanya at iba pang mga bansa. Ayon kay Bhikhu Parekh, sa kanyang sanaysay na “What is Multiculturalism,” ang kaparehong ideolohiyang ito ay mainit ding pinag-uusapan sa Pransya, ang kasalukuyang pinakamasikasig na tagapagtaguyod sa konsepto ng “bansang estado.”⁶

ANG PILIPINAS BILANG ISANG MULTIKULTURAL NA ESTADO

Bago dumating ang mga Espanyol sa ating kapuluan, monokultural ang sitwasyon ng kalat-kalat nating mga tribu. Ang mga maliliit nating mga estado noon ay hindi nalalayo sa mga sinaunang maliliit na kaharian at lunsod na estado ng mga Europanyano. Ngunit ang mga ito ay nilikom ng mga mananakop na Espanyol sa ilalim ng iisang kolonyal na teritoryo habang pinapanatili ang kani-kanilang pang-etnikong pagkaka-iba-iba. Kaya mula sa pagiging mga monokultural na mga tribu, naging isang multikultural na teritoryo ang tinipung kapuluan.

Nang binili ng mga Amerikano ang Pilipinas mula sa mga Espanyol, at nang nasakop nila nang lubusan ang Mindanao, inumpisahan nila ang mahabang proseso ng monokulturalisasyon, gamit ang kanilang wika, sistema ng edukasyon at ideolohiya ng asimilisasyon.

Dahil lumaya tayo sa pananakop ng mga Amerikano noong panahong malakas na malakas ang konsepto ng bansang estado sa Kanluran, noong nangingibabaw ang patakarang asimilisasyon sa Estados Unidos, at noong hindi pa umusbong ang kamalayang multikulturalismo sa Canada, hindi maipagkakaila na ang unang naging modelo ng ating pagsasabansa ay ang monokultural na diskurso ng bansang estado. Sabi nga ni David Knight, sa kanyang sanaysay na “Identity and Territory”:

In the non-Western world, where many territories were claimed by colonizing Europeans, the concept of nation-state was held up as a model to be emulated; thus efforts were and are being made to formulate national identities that transcend lower-level “ethnic” attachments.⁷

Ngunit dahil ang pagbubuo ng isang bansang monokultural ay nangangailangan hindi lamang ng malinaw na palisiya at mahabang panahon, kung hindi, ayon sa sosyolohistang si Ernest Gellner, ng malalim at tuloy-tuloy na palitang at ugnayang ekonomikal at kultural sa pagitan ng mga kasaping pangkat etniko, maiintindihan natin na tulad ng pagkabigo ng mga mananakop na Amerikano, nabigo rin tayong makamtan ang isang monokultural na bansang estado. Kaya hanggang ngayon tingkad na tingkad pa rin ang ating pagiging isang multikultural na estado na halos walang pinagkaka-iba sa istrakturang iniwan ng mga Espanyol. Sa katunayan ang federalismong panukala ng iilan sa kasalukuyan nating mga mambabatas ay hindi lamang isang pagmimithing magkakaroon ng pagtutugma ang ating kultural at pulitikal na mga heograpiya, ito rin ay isang malinaw na pag-aamin sa ating multikultural na katayuan.

Kapag nakita na natin na ang ating estado pala ay multikultural, at nakita din natin na parehong mahahalaga ang pagbubuo ng isang bansang Pilipino at ang pagpapanatili ng ating kultural na pagkakaibaiba, makikita rin natin na kailangan natin ang multikulturalismo, o ang kamalayan at ideolohiya na kumikilala at nasisiyahan sa pagkakaroon ng isang estado ng maraming maliliit na bansa, na nagsusumikap na mapanatili ang kultural na pagkaka-iba-iba at mabigyan ng pagkapantay-pantay ang lahat ng mga etnikong grupo sa loob ng iisang estado.

Sa sumusunod na bahagi ng sanaysay na ito, hihimayin natin ang ibat-ibang suliraning ka-akibat sa ating pagiging isang multikultural na estado, at kung paano ang mga ito matutugunan ng balangkas ng multikulturalismo.

ANG PROBLEMA NG REHIYONALISMO

Ang rehiyonalismo ng mga Pilipino ay isang kapansin-pansin na kaugalian. Para sa isang Tagalog, o Cebuano, o Ilokano, madalas tinuturing niya muna ang kanyang sarili bilang isang Tagalog, o Ilokano, o Cebuano, bago niya isipin na siya ay isang Pilipino. Ang rehiyonalismong kaugalian na ito ay tumitingkad doon sa mga malalaking lunsod kung saan ang mga Pilipinong nanggagaling sa ibat-ibang rehiyon ay nagsasama-sama. Tulad halimbawa sa Pamantasan ng Pilipinas, kung saan ang mga mag-aaral ay kadalasang nagkukumpol-kumpolan ayon sa kanilang rehiyonal na pinagmumulan; o sa mga slum area, kung saan ang mga taong may iisang rehiyong pinanggagalingan ay magkakapitbahay.⁸ Kahit na sa mga Pilipinong nangingibang bansa, ang rehiyonalismo ay dala-dala pa rin nila. Nakikita rin natin ang rehiyonalismong ito tuwing mayroon tayong pambansang halalan, kung kailan ang rehiyon ng isang kandidato ay tinuturing ng marami na balwarte niya.

Ang rehiyonalismong kaugalian, na nag-aambang sumira sa ating pagsasabansa, ay may dalawang aspeto: ang rehiyonal na etnosentrismo at ang rehiyonal na diskriminasyon. Ang rehiyonal na etnosentrismo, o ang kami-kaming ugnayan, ay ang kaugaliang nagdidikta sa mga kasapi ng isang pang-etnikong rehiyon na pangangalagaan muna nila ang kapakanan ng kanilang mga ka-rehiyon, gamit ang katwirang mas magagaling, mas mabubuti, at mas mapagkakatiwalaan kasi ang kanilang mga ka-rehiyon.

Ang rehiyonal na diskriminasyon, o ang kami-kayong ugnayan, naman ay ang kaugaliang nagdidikta sa mga kasapi ng isang pang-etnikong rehiyon na isipin na ang mga taga ibang rehiyon ay may iba't ibang antas ng kagalingan, kabutihan at pagkamapagkatiwalaan. Noong 1976, halimbawa, naglathala ang Filipinas Foundation ng isang pananaliksik na may pamagat na "Philippine Majority-Minority Relations and Ethnic Attitudes." Sa pag-aaral na ito, ang mga taga-respondente na nagmumula sa mga pangkat ng Bicolano, Cebuano, Ilokano, Ilonggo, Muslim, Kapampangan, Pangasinense, Tagalog at Waray, ay binigyan ng mga katanungan tulad ng anong pangkat ang pinakagusto at pinaka-ayaw nila, nagmula sa anong pangkat ang pinakagusto at pinaka-ayaw nilang maging kapit-bahay, nagmula sa anong pangkat ang pinakagusto at pinaka-ayaw nilang maging kasosyo sa negosyo, at nagmula sa anong pangkat ang pinakagusto

at pinaka-ayaw nilang maging asawa.⁹ Lumabas sa pag-aaral na mataas ang tingin ng nakakaraming Pilipino sa mga Tagalog, Cebuano at Ilokano, at mababa naman sa mga Muslim, Waray at Kapampangan.¹⁰

Kapag babalikan natin ang historikal na pagkakabuo ng ating estado, hindi nakapagtataka na hanggang ngayon ay umiiral pa rin sa atin ang rehiyonalismong kaugalian. Kung iisipin natin nang mabuti, naka-angat na nga tayo mula sa tribu-tribung pagkakabuklod-buklod na siyang naging kaayusan natin bago dumating ang mga Espanyol, dahil ang ating rehiyonalismo ngayon ay sumusunod na sa mas malawak na heograpiya ng ating mga pangkat etniko. Ang mas makabuluhang tanong ay hindi “bakit umiiral sa atin ang rehiyonalismo,” kung hindi “paano natin malampan ang ating rehiyonalismong nakaugat sa ating kasaysayan at makamtan ang mas matatag na nasyonalismo.” Para matugunan ang katanungang ito, mayroong dalawang pangunahing teorya ng nasyonalismo ang maaaring gagabay sa atin: ang teorya ng “imagined communities” ni Benedict Anderson at ang teorya ng industriyalisasyon ni Ernest Gellner.

Ang katagang “imagined communities” ni Anderson ay tumutukoy sa katayuan ng isang bansa na hindi katulad sa isang karaniwang komunidad na binubuo ng mga indibidwal na may pisikal at harapang ugnayan sa isat-isa. Sa bansa, ang ugnayan ng mga indibidwal ay nasa isip at damdamin lamang. Binigyang diin ni Anderson na kahit imposibleng makasalamuha ng isang mamamayan ang lahat ng kanyang mga kapwa mamamayan, nararamdaman niya sa kanyang isip at puso na silang mga mamamayan ay may ugnayan bilang kasapi ng iisang bansa. Ipinaliwanag ni Anderson na itong imagined community na ito ay nabuo dahil sa malawakang sirkulasyon ng nilimbag na tekstong gumagamit sa bernakular na wika. Ang mga sinaunang teksto na ito, mapadiaryo man o panitikan, ay silang nagpa-angat sa litirasi ng mga mamayan at nag-anyaya sa kanilang isalarawan sa kanilang mga isipan ang kanilang pambansang ugnayan at pagkakaisa. Ang pagsasabansa natin ay magagabayan ng teorya ni Anderson sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga teksto, larawan at simbolo ng ating pagkabansa. Gamit ang diaryo, panitikan, edukasyon, sine, at mas midya, maari nating iguhit sa isipan ng ating mga kababayan, lalong-lalo na sa mga kabataan, at ating pagkabansa.

Kung kultura at teksto ang pangunahing ugat ng nasyonalismo para kay Anderson, ekonomiya naman ang tinuturong dahilan ni Gellner. Ayon kay Gellner, ang nasyonalismo ay nabuo kasabay ang pagkalusaw ng agrikultural at relihiyosong lipunan at ang pag-usbong ng industriyal at siyantipikong lipunan. Sa agrikultural at relihiyosong lipunan, hindi kailangan ang nasyonalismo, dahil ang maliit na lipunang ito ay kayang mamuhay hiwalay sa ibang maliliit na lipunan. Ngunit sa industriyal at siyantipikong lipunan kinakailangan ang nasyonalismo, dahil sa loob ng mas malaking lipunang ito dapat pagsama-samahin ang mga dating maliliit na lipunan sa ilalim ng iisang kultura. Naniniwala si Gellner na nasyonalismo ang humugis, gamit ang edukasyon at wika, sa mga mamamayan na maging lupon ng mga manggagawa at mamimili na pare-pareho ang kilos, takbo ng isipan at damdamin, at panlasa. Ang pagsasabansa natin ay magagabayan din ng teorya ni Gellner, sa pamamagitan ng pagpapaigting ng ating pambansang

edukasyon, at mga proseso ng industriyalisasyon at ekonomikong ugnayan ng mga rehiyon.

Makapangyarihan pareho ang mga teorya nina Anderson at Gellner, hindi lamang bilang mga paliwanag sa pag-usbong ng nasyonalismo kung hindi pati na rin bilang mga gabay sa pagbubuo ng ating bansa. Ngunit ang mga ito ay may nakatagong panganib para sa ating multikultural na estado, dahil monokultural ang likas na takbo ng pagsasabansa ayon kina Anderson at Gellner. Para sa dalawang teorisistang ito ang pagsasabansa ay nangangahulugan ng pagbubura sa maraming etnikong kultura at ng pagpataw ng kultura ng dominanteng pangkat.

Para lalong lilinaw ang ating pagsusuri, mahalaga sa puntong ito na banggitin ang konsepto ng “primate city,” na dinalumat ng Amerikanong heograpong si Mark Jefferson. Ang “primate city” ay isang napakalaking lunsod na may kakayahang humatak sa populasyon at kayamanan ng ibang rehiyon, at magsilbing sentro ng kultura at ekonomiya ng isang estado. Sa mga estadong may “primate city,” ang pangalawang lunsod nila ay hindi man lamang mangangalahati sa laki at kapangyarihan ng kanilang primate city, katulad na ang pangatlong lunsod nila ay hindi rin mangangalahati sa laki at kapangyarihan ng kanilang pangalawang lunsod. Hindi lahat ng estado sa mundo ay may “primate city,” ngunit ang Metro Manila ay isang primate city. Bilang malaki at makapangyarihang sentro ng kultura at ekonomiya ng ating estado, madaling-madaling ikalat ng “primate city” na ito ang kanyang mga kultural na teksto at pang-ekonomikong operasyon, at sa mga prosesong ito, hubugin ang kultura ng ibang rehiyon.

Para mapangalagaan ang kultural na kaakuhan ng mga pang-etnikong rehiyon, mahalagang gabayan ang mga teorya nina Anderson at Gellner ng multikulturalismong kamalayan. Nabanggit na natin ang sinabi na ni Watson na ang multikulturalismo ay maaaring magbibigay sa mga pangkat etniko ng mga kultural na elementong maipagmamalaki nila at mag-udyok sa kanilang makikisama sa ibang mga pangkat etniko sa pagbubuo ng bansa. “In such a perspective the enhancement of a sense of local belonging and an awareness of diversity paradoxically encourage a strong commitment to national goals and institutions.”¹¹ Gamit ang balangkas ng multikulturalismo, lilitaw na hindi pala kailangang patayin ang rehiyonalismong kaugalian, at dapat pa ngang palakasin ang rehiyonalismo para mas madali at maging mas mabisa ang ating pagsasabansa. Magkakaiba kasi ang antas ng nasyonalismo at antas ng rehiyonalismo, at maaaring maranasan sabay-sabay ang mga damdaming ito.

Ngunit may kaunting pagkakaiba ang rehiyonalismong kasalukuyang umiiral sa atin at ang rehiyonalismong kinakailangan ng isang multikultural na estado. Ang rehiyonalismong may malaking pakinabang sa pagbubuo ng isang multikultural na estado ay tungkol sa kamalayang handa mangangalaga, magpapahalaga, at magmamalaki sa sariling pang-etnikong kultura para hindi ito matatabunan sa monokulturalismong umiiral mula sa “primate city” at sa global na kaayusan. Kaya ang rehiyonalismo nating nakukulayan ng etnosentrismo at diskriminasyon ay dapat hubugin uli para ito ay maging isang rehiyonalismong kapaki-pakinabang. Sa sanaysay nina Marcel Coenders at Peer Scheepers na may pamagat na “The Effect of Education on Nationalism and Ethnic

Exclusionism,” binanggit nila na paulit-ulit nang napatunayan ng mga panananliksik na para sa mga edukadong tao, mababa ang kanilang tsansang magkakaroon ng rehiyonal na etnosentrismo at diskriminasyon, habang sa mga taong mababa naman ang edukasyon, mataas ang kanilang tsansang magkakaroon ng nabanggit na na kaugalian.¹² Kaya may malaking papel na gagampanan ang edukasyon, pati na rin ang mas midya para sa isang tuloy-tuloy na edukasyon, para mahugis natin ang isang mabisang rehiyonalismong magagamit natin sa pagbubuo ng isang estadong multikultural.

ANG PROBLEMA NG HIDWAAN NG MGA KRISTIYANO AT MUSLIM NG MINDANAO

Sa naunang bahagi ng sanaysay na ito, sinuri natin ang istraktura ng Pilipinas bilang isang estadong binubuo ng maraming maliliit na bansang sumusunod sa heograpiya ng ating mga pangkat etniko. Sa bahaging ito susuriin natin ulit ito bilang isang estadong binubo ng dalawang mas malalaking bansa na may mas hayagan at armadong pagtutunggalian: ang bansa ng Pilipinas na may Kristiyanong mayoriya at ang sesesyonistang bansa ng mga Muslim. Ang namumuong bansa ng mga Muslim ay sumasaklaw sa may labingtatlong pangkat etniko mula sa gitna at timog na bahagi ng Mindanao na pinangungunahan ng Maguindanao, Maranao, at Tausug. Ang mga ito ay ang tinatawag natin ngayong “Bangsamoro.”

Taliwas sa inaakala ng nakararami, hindi relihiyon ang ugat ng madugong hidwaan sa pagitan ng mga Pilipinong Muslim at Kristiyano, kung hindi ang sala-salabat na pang-ekonomiko, pulitikal, historikal at kultural na mga kadahilanan. Bago natin himayin sa ilalim ng balangkas ng multikulturalismo ang problemang ito, mahalagang maintindihan muna natin ang mga ugat nito. Una, dahil malalakas ang mga sultaniya ng Sulu at Maguindanao, nabigo ang mga Espanyol na sakupin ang gitna at timog na bahagi ng Mindanao. Sa paglipas ng panahon, ito ay nagresulta sa pagkakaiba ng mga Pilipinong nanatiling Muslim at ng mga Muslim at paganong Pilipinong naging Kristiyano. Ang kawalan ng interaksyon ng dalawang pangkat ay gumawa ng malaking pagkakaiba sa kani-kanilang kultura. Sa katunayan, dahil kamakailan lamang napasama ang mga Muslim sa estado ng Pilipinas, may maraming Pilipinong Muslim ang hindi tumuturing sa kanilang mga sarili bilang mga Pilipino, dahil ang salitang “Pilipino” para sa kanila ay tumutukoy lamang sa mga Kristiyanong Pilipino.¹³

Pangalawa, ang mga Espanyol ay may dala-dalang mabigat na bagahe na nagmumula sa pagkasakop nila sa mga Arabong Muslim. Nang humalo ang damdaming ito sa kanilang poot na nagmumula sa kanilang pagkabungong sakupin ang gitna at timog ng Mindanao, nabuo ang isang negatibong imahen ng mga Muslim, bilang mga salbahe, irehe, pirata, at mandaragit, na siyang ibinabahagi nila sa mga Kristiyanong Pilipino. Ang palabas na moro-moro ay iisa lamang sa mga paraan ng mga Espanyol sa pagpalaganap ng negatibong imaheng ito.

Pangatlo, napasama lamang ang mga Muslim sa estado ng Pilipinas matapos ang mahigit isang dekadang madugong kampanya ng mga Amerikano. Nang inaalok na sila ng edukasyon, demokrasya, kapitalismo, at kulturang kanluranin, naging suspetsoso ang

mga Muslim na ang hakbang tungo sa integrasyon ng mga Amerikano ay mauuwi sa pagkakabura ng kanilang kinagisnang kultura. Ang mga Amerikano naman ay nag-atubiling puwersahin ang mga Muslim na makiisa sa modernong kaayusan dahil sa kanilang paggalang sa relihiyon na Islam bilang isa sa mga dakilang pananampalataya ng mundo.¹⁴ Dahil dito mabagal ang naging integrasyon ng mga Muslim tungo sa mas laganap na kulturang Pilipino, at nanatili ang kanilang kultural ng pagkakaiba.

Pang-apat, nang masakop na ng lubusan ang Mindanao, ipinatupad ng mga Amerikano ang sistema ng rehistrasyon ng lupa na katulad sa umiiral na sistema sa Luzon at Visayas, at ibang-iba naman sa sistema ng pag-aari ng mga Muslim, kung saan ang lupa ay hawak ng angkan o hindi kaya ng tribu sa ilalam ng isang datu. Dahil dito at dahil sa kawalan ng mga Muslim ng kaalaman sa makabagong biyurokrasya, marami sa kanilang mga lupain ay biglang napunta sa gobyerno o di kaya sa mga dumaragsang Kristiyano. Ang mga ito ay nagdulot ng kahirapan at kaguluhan sa buhay ng maraming mga Muslim.

Panglima, pagkatapos ng Ikalawang Digmaan, nagsidatingan ang mas marami pang mga Kristiyanong galing sa Visayas at Luzon, na kumukuha ng lupa galing sa gobyerno at umaangkin ng mga hindi pa tituladong mga lupain na dati ay sinasaka ng mga Muslim. Dumating ito sa punto na may iilang mga dating Muslim sa komunidad na nagkaroon ng mga mayorihang mga Kristiyano, o di kaya nagkaroon ng malalaking minoriyang Kristiyano. Sa madaling sabi, naisantabi ang mga Muslim sa sarili nilang bayan. Ayon sa pananaliksik ng Filipinas Foundation ang dahilan kung bakit ayaw ng mga Muslim makitungo sa mga Kristiyano ay ang kanilang pagkakaiba ng pananampalataya at pagiging mang-aagaw ng mga Kristiyano ng lupa.¹⁵

Pang-anim, hindi naging pantay-pantay ang kabuhayan at pag-uunlad ng mga Muslim at Kristiyano. Ang gobyerno ay tila pumapabor sa mga Kristiyano at pinapabayaan na lamang ang mga Muslim.¹⁶ Dagdag pa nito ang mga Kristiyano ay may mas malawak na ugnayan sa ibang mga Kristiyano sa loob at labas ng Mindanao na napakinabangan nila sa pagpapatakbo ng kanilang kalakal. Kaya naging maunlad ang mga Kristiyano habang patuloy na naisantabi ang mga Muslim.

Pangpito, ang pagmasaker ng mga komandong Muslim na hinahanda ng gobyerno upang maging puwersa na lulusob sa Sabah ay siyang nagudyok sa mga estudyante at intelektwal na Muslim na magkakaisa. Ito ang tinatawag ngayong “Jabidah” o “Corregidor Massacre” na naganap noong huling bahagi ng dekada 60 na kasagsagan naman sa pag-aalboroto ng mga mag-aaral sa iba’t ibang bahagi ng daigdig. Dito nabuo ang armadong grupong Moro National Liberation Front, o MNLF, sa pamumuno ni Nur Misuari, na siyang kumakatawan sa Bangsamoro sa laban nila na maging isang malayang estado ang lupa ng mga Muslim. Bago pa man nangyari ang masaker, nag-umpisa ang mga kalat-kalat na armadong bakbakan sa pagitan ng mga armadong Kristiyano at Muslim.

Pangwalo, ang hinanakit at pagdurusa ng mga Muslim ay sumiklab sa isang armadong pakikibaka nang idineklara ang Batas Militar. Para sa kanila iyon na ang

sukdulang pang-aapi at hakbang para mabubura ang kanilang kultura ng mga Kristiyanong Pilipino at ng walang pusong gobyerno. Sa katunayan, ang mga pangunahing dahilan kung bakit idineklara ni Ferdinand Marcos ang Batas Militar ay ang dalawang banta ng mga komunista at Muslim na sesesyonista.¹⁷ Madugo at magastos ang gulo sa Mindanao noong unang bahagi ng dekada 70. Higit sa kalahati ng budget ng hukbong sandatahan ng bansa ay napupunta na sa gulong ito.¹⁸ Dahil dito napasama rin ang imahen ng pamahalaan sa mga mata ng ibang Muslim na bansa, lalong lalo na sa Organization of Islamic Countries, o OIC. Kaya napilitan si Marcos na makipag-areglo sa Tripoli noong 1976. Ang Kasunduan sa Tripoli ay isang kasunduan ng kapayapaan, ng tigil putukan at ng pagtatatag ng isang rehiyong may awtonomiya sa Mindanao. Mga prinsipyo lamang ang nilalaman ng Kasunduan at ang mga ispesipikong detalye ay aayusin na lamang sa susunod na mga usapan pagbalik sa Pilipinas.

Pangsiyam, nang nag-umpisa na ang usapan tungkol sa mga detalye ng kapayapaan at ng rehiyong may awtonomiya sa pagitan ng MNLF at ng gobyerno, pinilit ni Marcos ang kanyang kagustuhan at itinatag ang dalawang malalabnaw na rehiyong may awtonomiya, isa sa Sulu at isa sa gitnang Mindanao. Ang dalawang rehiyong ito ay walang kapangyarihang gumawa ng sariling batas, walang sapat na pondo, at pinamumunuan lamang ng mga tuta ng gobyerno. Malaki ang pagkakaiba sa saklaw ng rehiyong may awtonomiyang nakasaad sa Kasunduan ng Tripoli at sa saklaw ng dalawang rehiyong may awtonomiyang ipinatupad ni Marcos.

| Kasunduan ng Tripoli | Ang Ipinatupad ni Marcos |
|-----------------------------|---------------------------------|
| Basilan | Basilan |
| Sulu | Sulu |
| Tawi-Tawi | |
| Zamboanga del Sur | Zamboanga de Sur |
| Zamboanga del Norte | Zamboanga del Norte |
| North Cotabato | North Cotabato |
| Maguindanao | Maguindanao |
| Sultan Kudarat | Sultan Kudarat |
| Lanao del Norte | Lanao del Norte |
| Lanao del Sur | Lanao del Sur |
| Davao del Sur | |
| South Cotabato | |
| Palawan | |

Tsart 1: Ang mga Saklaw ng Tripoli Agreement at ng Ipinatupad ni Marcos na mga Rehiyong may Awtonomiya

Dito nabuo ang pangalawang armadong grupo, ang Moro Islamic Liberation Front, o MILF, na pinangunahan ni Hashim Salamat, upang ipagpatuloy ang laban para sa Bangsamoro. Bukod pa sa pagkakaiba ng kanilang pangunahing mithiin, sekular at

modenista ang modelo ng estado ni Misuari, habang relihiyoso at konserbatibo naman ang kay Salamat.¹⁹

Pangsampu, nabigo pa ring ipatupad ni presidente Corazon Aquino ang Kasunduan ng Tripoli. Noong binubuo pa lamang ang 1987 na Konstitusyon, sa halip na pangalan ang nabanggit na labing tatlong probinsya at mga sakop na lunsod na kasama sa rehiyong may awtonomiya, ipinadaan pa niya ito sa isang plebesito kung talagang gusto ba ng mga tao doon na mapabilang sa naturang rehiyon. Dahil mula noong 1976 ay patuloy ang pagdagsa ng mga Kristiyanong Pilipino sa loob ng 13 probinsyang ito, at dahil nagtawag ng pagboykot ang MNLF sa plebesito, ang nabuong Autonomous Region of Muslim Mindanao, o ARMM, ay lumayo lalo sa saklaw na sinasaad ng Kasunduan ng Tripoli, at halos walang pagkakaiba ito sa estruktura ng mga rehiyong may awtonomiya ni Marcos.

| Kasunduan ng Tripoli | Ang Ipinatupad ni Marcos | Ang Ipinatupad ni Aquino |
|-----------------------------|---------------------------------|---------------------------------|
| Basilan | Basilan | |
| Sulu | Sulu | Sulu |
| Tawi-Tawi | | Tawi-Tawi |
| Zamboanga del Sur | Zamboanga de Sur | |
| Zamboanga del Norte | Zamboanga del Norte | |
| North Cotabato | North Cotabato | |
| Maguindanao | Maguindanao | Maguindanao |
| Sultan Kudarat | Sultan Kudarat | |
| Lanao del Norte | Lanao del Norte | |
| Lanao del Sur | Lanao del Sur | Lanao del Sur |
| Davao del Sur | | |
| South Cotabato | | |
| Palawan | | |

Tsart 2: Ang mga Saklaw ng Tripoli Agreement, ng Ipinatupad ni Marcos, at ng Ipinatupad ni Aquino na mga Rehiyong may Awtonomiya

Panglabing-isa, nabigo pa rin si presidente Fidel Ramos at ang komprehensibong kasunduan sa kapayapaan ng 1996 na mapalapit sa mga sinasaad ng Kasunduan ng Tripoli.²⁰ Dahil sa kakulangan ng pondo at tunay na kapangyarihan, tila walang nangyaring mabuti sa transisyonal na katawang Southern Philippines Council for Peace and Development, o SPCPD, na siya sanang magiging bagong rehiyong may awtonomiya para sa Bangsamoro pagdating ng taong 1999.

Panglabing-dalawa, ang mga negosasyon at transaksyon ng gobyerno ay nakatutok lamang sa MNLF at hindi pinapansin ang mga hinaing ng dalawa pang armadong grupo: ang MILF ni Salamat at ang hindi masyadong malinaw na grupo ng Abu Sayyaf.²¹ Ang biglaang pakikipag-usap ng pamahalaan ni Gloria Macapagal-

Arroyo sa MILF noong kalagitnaan ng taong 2008 ay nabahiran naman ng isyu tungkol sa charter change, at tila nagpalala lamang sa sitwasyon.

Tiyak na napakalalim at napakakumplikado na ang problema ng tunggalian sa Mindanao pero dapat pa rin itong suriin at pag-uusapan sa ilalim ng balangkas ng multikulturalismo. Ang kaisipang multikulturalismo ay nagtuturo sa atin na hindi kailangang hatiin ang Pilipinas dahil lamang sa ating pagkakaroon ng higit sa isang bansa. Paulit-ulit na binigyang diin ng kaisipang ito na maaaring mamuhay at umunlad sabay-sabay ang iba't ibang maliit na bansa sa ilalim ng iisang estado.

Ang isang problemang naka-ugat sa pang-ekonomiko, kultural at pulitikal na usapin ay hindi dapat tugunan gamit ang isang malabnaw na relihiyosong remedyo, tulad ng hindi na mabibilang na interfaith dialogues, o ng madudugong solusyong militar. Kapag babalikan natin ang multikulturalismo ng mga Canadyano, itinuturing nila itong hindi lamang bilang isang intelektwal na pag-uunawa sa kasalukuyang pagkakaiba-iba, kung hindi bilang isang kritikal at historikal rin na pagsusuri ng mga ugat ng hindi pagkapantay-pantay at inhustisya.²² Para sa mga Canadyano, hindi maaaring ihihiwalay ang usapin sa lupa sa usapin sa kasalukuyang pagkaka-api ng kanilang mga sinaunang bansa. May malaking pagkakapareho ang multikultural na usapin tungkol sa mga Indio at Eskimo ng Canada at ang multikultural na usapin ng Mindanao. Mahalagang unghatin muna ng Pamahalaang Pilipino ang agraryan at pang-ekonomikong mga ugat ng Mindanao bago pa man gumawa ng plano at sumuri uli sa mga problematikong kasunduang pangkapayapaang hindi pa lubusang naipatupad. Samantala, dapat paigtingin ng pamamahalaan ang isang tunay na multikultural na edukasyon para mabubura ang etnosentrismo at diskriminasyon sa lahat ng panig.

Ang Canadyanong teorisista ng multikulturalismo na si Will Kymlicka ay nagbabala na habang hindi makakabuti sa estadong ipilit ang pagiging monokultural, may nakatagong panganib din ang labis-labis na multikulturalismong nilalaman ng modelo na multinasyonal na federalismo kapag ang pinag-uusapan ay ang pagbubuo ng iisang bansa.²³ Binanggit niya ang kaso ng mga Canadyanong Anglophone at Francophone na tila wala nang interaksyon sa pagitan ng kanilang dalawang pangkat, na hindi na nagpapalitan ng mas midya at literatura, at na madalas tinatawag na "two solitudes."²⁴ Ganito din daw ang nangyayari sa mga pangkat ng Swisong Italyano, Pranses, at Aleman ang mga wika, na para raw tatlong taong nakatalikod lamang sa bawat isa.²⁵ Inamin ni Kymlicka na nagbibigay nga ng kapayapaan, ekonomikong kaunlaran, demokrasya at pagka-pantay-pantay ang multinasyonal na federalismo, ngunit hindi ito nakakatulong sa pagbubuo ng iisang bansa. Dagdag pa nito, ayon kay Kymlicka, ang modelo ng multinasyonal na federalismo ay hindi sagot sa sesesyonistang banta, dahil iilan sa mga minoryang estado ay nagbabalak at magbabalak kumalas sa federal na samahan.²⁶


Dapat pag-iisipan ng husto ng ating pamahalaan ang pinaka-angkop na modelo para sa Bangsamoro, para mapangalagaan ang kanilang kultural, pangekonimo at pulitikal na kaakuhan habang binubuo naman nating lahat ang bansang Pilipinas. Dapat magkakaroon palagi ng balanse sa pagitan ng desentralisasyon at sentralisasyon.

ANG KATAYUAN NG MGA MINORYANG PANGKAT ETNIKO

Nabanggit na natin ang sitwasyon ng hindi pagkakapantay-pantay ng mga pangkat sa loob ng isang estado, una sa konteksto ng “primate city” at ibang mga rehiyon, at pangalawa sa konteksto ng mga bansa ng Muslim at Kristiyano. Sa bahaging ito susuriin natin muli ang sitwasyon ng hindi pagkakapantay-pantay ng mga pangkat sa loob ng isang estado sa konteksto ng kontradiksyon sa pagitan ng mga mayorya at minorya pangkat etniko.

Ayon kay Dr. Mamtua Saber, sa kanyang papel na “The Majority-Minority Situation in the Philippines,” ang usapin tungkol sa mayoriya at minoriya sa ating bayan ay umiikot sa tatlong malalaking pangkat: ang mga Kristiyanong nasa kapatagan, ang mga Muslim ng Mindanao, at ang mga kalat-kalat na mga tribung pagano.²⁷ Medyo etnosentriko ang katawagang “pagano” na ginamit ni Saber. Mas angkop sana ang katagang “indigenous people,” na siyang ginagamit sa ating batas, ngunit sumasaklaw ito pati sa grupo ng mga Muslim. Sa Mindanao ang salitang “Lumad” ay ang ginagamit nila para sa mga tao roon na hindi Kristiyano at hindi rin Muslim. Kaya sa sanaysay na ito, gagamitin natin ang salitang “katutubo” bilang Filipinong katumbas sa Bisayang salitang “Lumad.”

Binigyang diin ni Saber na ang mga Kristiyano sa kapatagan ang tinuturing natin ngayong mayoriyang pangkat, habang ang mga Muslim at mga katutubo naman ang mga minoryang pangkat. Ngunit, dahil sa impluwensiya ng mga Arabo at ibang Muslim sa Asya, dahil sa kanilang dami, at dahil sa kanilang pagbubuo ng pinagsanib na Bangsamoro, mas nakaka-angat ang mga Muslim sa mga katutubo. Ibig sabihin, ang mga katutubong tribu ay minoryang pangkat sa harap ng mga Kristiyano at sa harap ng mga Muslim; habang ang mga Muslim ay minorya lamang sa harap ng mga Kristiyano ng kapatagan at mayorya sa harap ng mga katutubo.



Hugis 1: Ang mga Mayorya at Minoryang Pangkat sa Loob ng Estado ng Pilipinas

Ang problema ng isang multikultural na estado ay hindi lamang ang pagkakaroon ng iba't ibang pangkat etniko; mas malalaki ang problema na naidudulot ng katotohanang sa loob ng estadong ito na may mga pangkat na maghari-harian bilang mayorya at may mga pangkat naman na maaapi bilang minorya.

Samantalang ang usapin tungkol sa kontradiksyon ng mga Muslim at Kristiyano ay maaaring tugunan gamit ang isang multikultural at balanseng modelo ng awtonomiya, mahirap kaagad-agad ipataw ang kaparehong modelo para sa kalat-kalat na mga katutubong pangkat. Sa katunayan, mas madaling sabihin na iba dapat ang magiging solusyon para sa mga katutubong pangkat kasya solusyon para sa Bangsamoro, dahil napakagulong nang isipin ang isang estadong may napakaraming rehiyong may awtonomiya. Ngunit, kapag tingnan natin ng mas masinsinan, base sa historikal na punto de bista, ang Bangsamoro at ang kalat-kalat na mga katutubong pangkat ay nagkakaiba lamang sa kanilang laki. Samantalang sila ay pare-pareho sa mahalagang aspeto na hindi sila lubusang nasakop ng mga Espanyol at hindi napasama sa hinuhubog na kultura ng mga Kristiyano sa kapatagan. Para mapapangalagaan nila ang kanilang kultural na kaakuhan at madadagdagan ang kanilang kapangyarihan, kailangan din ng mga katutubong pangkat ang naaangkop na modelo ng awtonomiya, kahit hindi man ito kasing taas sa antas ng awtonomiyang ibibigay dapat ng estado para sa Bangsamoro.

Mahalagang isipin natin dito ang historikal na pagkabuo ng Bangsamoro mula sa labingtalong pangkat etniko sa Mindanao. Dahil sa kanilang pinagsanib na laki at puwersa, mas madali silang magkakaroon ng mas mataas na antas ng awtonomiya. Ang inisyatibong ito ay mayroong kahawig sa kabundukan ng Cordillera kung saan may nagaganap ding pagsasabansa ng iilang mga katutubong pangkat. Tulad ng mga Muslim

na gumamit sa dati-rati mapanlait na katawagang "Moro," sinikap din ng mga taga-Cordillera na gamitin ang katawagang "Igorot" para pagsama-samahin ang mga pangkat ng Itneg, Isneg, Ifugao, Kalinga, Kankanaey, Applai, Bontoc, Ibaloi, at Kalanguya sa ilalim ng iisang bansa ng Ka-Igorotan. Kahit pa man hindi pa nakukuha ng Bangsamoro at Ka-Igorotan ang nararapat nilang awtonomiya, ang kanilang istrategiya sa pagsama-sama sa mga maliliit ngunit magkakapareho at magkakalapit na pangkat etniko ay magpapadali sa kanilang pagkakaroon ng tunay at balanseng modelo ng awtonomiya. Sa Mindanao, ang istrategiya ng pagtawag sa mga katutubong pangkat bilang "Lumad" ay maaaring dadaloy sa din sa ganitong positibong sitwasyon.

ANG MGA PANGKAT ETNIKO NA NAGSAMA-SAMA SA MALALAKING LUNSOD

May malaking pagkakaiba ang sitwasyon ng isang grupo ng mga Maranao halimbawa, o ng Ifugao, na naninirahan sa sarili nilang heograpikal na teritoryo, sa sitwasyon ng katulad na grupo ng mga Maranao, o ng Ifugao, na naninirahan sa isang malaking lunsod, tulad ng Metro Cebu o Metro Manila, na hindi na sakop ng kanilang heograpikal na teritoryo. Pero sa dalawang sitwasyong ito, dapat umiiral pa rin ang multikultural na kamalayan. Para maging mas lilinaw ang pagkakaiba ng naturang mga sitwasyon, mahalagang banggitin natin ang binaryo na binuo ni Kymlicka tungkol sa mga nasyonal na minorya na nasa loob ng isang multinasyonal na estado, at mga pangkat etniko na nasa loob ng isang multi-etnikong estado.

Ang mga nasyonal na minorya ay ang mga pangkat na may sariling kasaysayan, teritoryo, wika at kultura na napasama sa estado sa pamamagitan ng kongkista, kolonisasyon, o di kaya sa proseso ng federasyon.²⁸ Para kay Kymlicka may karapatan ang mga nasyonal na minorya para sa sariling pamamahala at espesyal na representasyon. Ito ang sitwasyon na naaangkop para sa nabanggit na nating mga Maranao o Ifugao na namamalagi sa kani-kanilang teritoryo. Dahil nasyonal na minorya sila, ang kani-kanilang teritoryo ay dapat may naangkop na antas ng awtonomiya.

Ang mga pangkat etniko para kay Kymlicka ay ang mga grupo ng mga imigrante, na dahil kusa silang lumipat ng tirahan ay nangangahulugang dapat kusa din silang makikibagay at makiki-isa sa mayoryang pangkat na naninirahan sa nililipatan nilang teritoryo.²⁹ Dahil sa pagkukusang ito, ang karapatan ng mga pangkat etniko ay hindi kasinglawak at kasinglalim sa mga karapatan na naaangkop para sa mga nasyonal na minorya. Ngunit naniniwala si Kymlicka na dapat pa rin silang bigyan ng mga karapatan tulad ng proteksyon mula sa diskriminasyon, pagkikilala bilang isang kultural na pangkat, eksempsyon sa mga patakarang lumalabag sa kanilang mga relihiyosong paniniwala, at pondo para sa kanilang mga kultural na gawain.³⁰ Ito naman ang sitwasyong naaangkop para sa nabanggit na nating mga Maranao o Ifugao na naninirahan sa isang malaking lunsod na hindi na sakop ng kanilang heograpikal na teritoryo. Dahil nasa labas na sila ng kani-kanilang teritoryo, hindi na awtonomiya ang dapat pag-uusapan, kung hindi sapat na respeto para sa kanilang kultura at sapat na espasyo para mapapangalagaan pa rin nila ang kani-kanilang kultural na kaakuhan.

Para madalumat pa natin ng mas malalim ang uri ng multikulturalismong nararapat sa multi-etnikong istraktura ng mga malalaking lunsod maari nating pag-aralan ang teorya ng isang sosyolihistang Ingles na si John Rex. Ang modelo ng multikulturalismong iminungkahi ni Rex ay humati sa lipunan ayon sa binaryo ni Max Weber na pribado at publikong mga domeyns, at ayon sa binaryo ni Ferdinand Tonnies na "Gemeinschaft" at "Gesellschaft."³¹ Si Weber ay isang tanyag na Alemang sosyolohista. Ang kanyang pribadong domeyn sa kanyang binaryo ay tumutukoy sa tahanan; at ang publikong domeyn naman ay tumutukoy sa lipunan labas ng tahanan, kung saan ang batas, ang kalakalan ng merkado, at ang trabaho ay ang nangingibabaw. Personal ang interaksyon sa loob ng pribadong domeyn, habang impersonal naman ang interaksyon sa publikong domeyn. Si Tonnies naman ay isa ring tanyag na sosyolohistang Aleman. Ang "Gemeinschaft" sa kanyang binaryo ay tumutukoy sa uri ng lipunan kung saan personal ang pakikitungo ng mga tao. Ito ay matatagpuan sa tahanan, sa iilang mga kapitbahayan, at sa iilang maliliit na bayan kung saan magkakakilala ang mga tao. Ang "Gesellschaft" naman ay tumutukoy sa isang uri ng lipunan kung saan impersonal ang pakikitungo ng mga tao. Katulad ito sa publikong domeyn ni Weber kung saan ang batas, ang kalakalan sa merkado, at ang trabaho ay ang nangingibabaw.

Ang modelong isinusulong ni Rex ay nagmumungkahi na sa pribadong domeyn at sa lebel ng "Gemeinschaft," ibig sabihin sa tahanan, kapitbahayan, maliliit na komunidad, at simbahan, ay maaaring pa-iralin ang ang pagiging multikultural at multi-etnikal. Habang sa publikong domeyn at sa lebel ng "Gesellschaft," ibig sabihin sa batas, edukasyon, merkado, trabaho, at estado, ay dapat iiral ang monokultural na demokrasya, kapitalismo, biyurokrasya, at ang pagkakapantay-pantay ng lahat.

Makikita natin na ang modelo na iminumungkahi ni Rex ay mahalaga hindi lamang sa konteksto ng mga nagsama-samang pangkat etniko sa loob ng malalaking lunsod; ito rin ay may malaking mai-aambag sa usapin kung paano hanapin ang tamang balanse sa pagitan ng pang-estado at rehiyonal na kultura. Binigyang diin na nina Anderson, Gellner at Kymlicka na para sa kabuoang pagsasabansa natin, dapat merong mga kultural na elementong dumadaloy sa buong kapuluan. Kung ano dapat ang magkakaparehong kultural na elemento, o pang-estadong kultura, at ang magkaka-iba-iba, o rehiyonal na kultura, ay maaaring balangkasin gamit ang modelo ni Rex.

Ngunit ayon sa postkolonyal na teorisistang si Epifanio San Juan, ang teorya ni Rex ay may daladala ring mga problemang dapat din nating bantayan.³² Una rito ay ang hindi malinaw na pagkakahiwalay ng pribado at publikong mga domeyn sa totoong buhay. Halimbawa, ang pagkatay, pagluto, at pagkain ng aso, na isang gawain ng marami nating pangkat etniko ay magiging problematiko sa konteksto ng Metro Manila kung saan mas mahigpit na ipinagbabawal ng ganitong kaugalian. Ibig sabihin, hindi maaring maging lubusang malaya ang pribadong domeyn, o "Gemeinschaft," na sinisilongan ng mga minorityang pangkat, sa publikong domeyn, o "Gesellschaft," na hinuhugis ng majorityang pangkat. Gayunpaman, magagamit pa ring isang mahalagang inisyal na balangkas ang modelo ni Rex na maaaring palalakasin batay sa unang puna ni San Juan sa ating pagdadalumat tungkol sa ating pangestado at rehiyonal na mga kultura.

Ang pangalawang puna ni San Juan ay ang kawalan ng paki-alam ng teorya ni Rex sa katotohanang ang ibat-ibat pangkat etniko sa loob ng estado ay may di pantay-pantay na kapangyarihan.³³ Hindi masyadong nababalisa si San Juan sa mga pagkakataon ng lantarang pang-aapi ng mga mayorya sa minoritya, kaysa hindi lantaran ngunit tuloy-tuloy na pagbubura ng mayoriyang kultura sa minorityang kultura sa pamamagitan ng proseso ng hegemonya.³⁴ Ibig sabihin, kapag pinagtabi-tabi ang mga kultural na elemento mula sa minoritya at mayoriyang pangkat, dahil sa kapangyarihang taglay ng mayorya ang kanilang kultural na elemento ay mag-aanyong kanais-nais palagi, habang hindi kanais-nais namang ang mga kultural na elemento ng mga minoritya. Inaasahan natin na ang multikultural na kamulatang ipapalaganap ng tunay na multikultural na edukasyon at mas midya kasabay sa pagpapalakas ng awtonomiya ng mga rehiyon ay maaaring magbigay remedyo sa kakulangan ng teorya ni Rex.

KONKLUSYON

Ipinakita ng sanaysay na ito ang kahalagahan ng kamalayang multikulturalismo sa pagwasak sa dilema na kung dapat bang burahin ang mga pang-etnikong kultura para mabuo ang iisang bansa, o dapat bang pangalagaan ang mga pang-etnikong kultura at ipagpaliban na lang muna ang ating pagsasabansa. Binigyang diin ng kamalayang ito na ang rehiyonalismo ay maaaring palakasin kasabay ang nasyonalismo. Dagdag pa nito ang kamalayang multikulturalismo ay magagamit nating balangkas sa pagsusuri ng mga suliraning nabuo sa problematiko nating pagsasabansa, at batis na maaari nating pagkukunan ng mga posibleng solusyon.

Ipinakita rin ng sanaysay na ito na ang multikulturalismo ay walang ibinibigay na iisang pormula sa pagtutugon ng mga suliraning dala-dala ng ating pagiging isang multikultural na estado. Sa halip ito ay nag-aanyaya sa ating tingnan ang kabuuang historikal, pulitikal at kultural na konteksto ng bawat usapin. Gayunpaman, ang paksa ng multikulturalismo ay maaaring magbibigay sa atin ng napakayaman na kaalaman, sa anyo ng teorya, palisiya, at mga epekto ng palisiyang naipatupad na sa ibang bansa, na magagamit natin sa pagsusuri at paglulutas ng ating mga kontekstual na suliranin.

Sa katanungang ano ang magiging kinabukasan ng ating mga pangkat etniko sa harap ng rumaragasang modernisasyon at globalisasyon, ang balangkas ng multikulturalismo pa rin ang magtuturo sa atin na ang kultura ay hindi isang istatiko, walang buhay at hindi nagbabagong sistema. Ang awtonomiyang dapat matatamasa ng ating mga pangkat etniko ay siyang magbibigay sa kanila ng kapangyarihang harapin ang mga hamon at pagkakataon na dala-dala ng modernisasyon at globalisasyon at hubugin ang kani-kanilang mga kultural na kaakuhan sa direksyon na sa tingin nila ay pinakatugma at angkop.

MGA ENDNOTES

¹Jerzy Smolicz & Iluminado Nical, "Exporting the European Idea of a National Language: Some Educational Implications of the Use of English and Indigenous Languages in the Philippines," in *International Review of Education*, Volume 43, No. 5/6(1997), p509.

²“Canadian Diversity: Respecting our Differences,” in *Canadian Heritage*, at http://www.canadianheritage.gc.ca/progs/multi/respect_e.cfm.

³C.W. Watson, *Multiculturalism* (Philadelphia: Open University Press, 2000), p. 3.

⁴Watson, p. 4.

⁵Watson, p. 4.

⁶Bhiku Parekh, “What is Multiculturalism?,” in *Multiculturalism: a Symposium on Democracy in Culturally Diverse Societies*, December 1999, at <http://www.india-seminar.com/1999/484.htm>.

⁷David Knight, “Identity and Territory: Geographical Perspectives on Nationalism and Regionalism,” in *Annals of the Association of American Geographers*, Volume 72, Number. 4 (Dec., 1982), p519.

⁸Sheila De Torres, “Understanding Persons of Philippine Origin: A Primer for Rehabilitation Service Providers,” in *Center for International Rehabilitation Research, Information and Exchange*, at <http://cirrie.buffalo.edu/monographs/philippines.html>.

⁹Filipinas Foundation, *Philippine Majority-Minority Relations and Ethnic Attitudes: an In-Depth Study* (Makati: Filipinas Foundation, 1976), p. 117-193.

¹⁰Filipinas Foundation, p 117-193.

¹¹Watson, p. 3.

¹²Marcel Coenders & Peer Scheepers, “The Effect of Education on Nationalism and Ethnic Exclusionism: An International Comparison,” in *Political Psychology*. Vol. 24, No. 2 (Jun., 2003), pp. 313-315.

¹³Cesar Adib Majul, “The Moro Struggle in the Philippines,” in *Third World Quarterly*, Volume 10, No. 2, Islam & Politics (Apr., 1988), p. 899.

¹⁴Majul, p. 898; Thomas McKenna, “Muslim Separatism in the Philippines: Meaningful Autonomy or Endless War?,” in *Asia Source*, at <http://www.asiasource.org/asip/mckenna.cfm>.

¹⁵Filipinas Foundation, p.160.

¹⁶McKenna.

¹⁷Majul, p. 906.

¹⁸McKenna.

¹⁹Asian Development Bank, “Indigenous Peoples/ Ethnic Minorities and Poverty Reduction—Philippines,” in *Asian Development Webpage*, at http://www.adb.org/Documents/Reports/Indigenous_Peoples/PHI/default.asp, p. 5.

²⁰McKenna.

²¹McKenna.

²²“Canadian Diversity: Respecting our Differences.”

²³Will Kymlicka, “Multiculturalism and Minority Rights: West and East,” in *European Center for Minority Issues*, at http://www.ecmi.de/jemie/download/Focus4-2002_Kymlicka.pdf, p. 11.

²⁴Kymlicka, p. 12.

²⁵Kymlicka, p. 13.

²⁶Kymlicka, p. 13.

²⁷Binanggit ng Filipinas Foundation, p. 53-54.

²⁸Paul Gingrich, “Introduction to Kymlicka, Multicultural Citizenship,” in *University of Regina*, at <http://uregina.ca/~gingrich/kl1.htm>.

²⁹Gingrich.

³⁰Gingrich.

³¹Epifanio San Juan, “The Paradox of Multiculturalism: Ethnicity and Identity in the Philippines,” in *Austrian-Philippines Website*, at <http://www.univie.ac.at/voelkerkunde/apsis/aufi.htm>.

³²San Juan.

³³San Juan.

³⁴San Juan.

SANGGUNIAN

Mga Libro

- Filipinas Foundation. *Philippine Majority-Minority Relations and Ethnic Attitudes: an In-Depth Study*. Makati: Filipinas Foundation, 1976.
- Poole, Ross. *Nation and Identity*. London: Routledge, 1999.
- Watson, C.W. *Multiculturalism*. Philadelphia: Open University Press, 2000.

Mga Artikulo

- Ang See, Teresita, "Influx of new Chinese immigrants to the Philippines: Problems and Challenges." At 192.38.121.218/issco5/documents/ AngSeepaper.doc. Date Accessed: 06 Nobyembre 2008.
- Asian Development Bank, "Indigenous Peoples/ Ethnic Minorities and Poverty Reduction – Philippines," In Asian Development Webpage, at http://www.adb.org/Documents/Reports/Indigenous_Peoples/PHI/default.asp, Date Published: June 2002, Date Accessed: 23 Nobyembre 2008.
- "Attachment to Canada and Ethnic Identity." In *Canadian Heritage*. At http://www.pch.gc.ca/progs/multi/evidence/series1_e.cfm. Date Accessed: 02 Nobyembre 2008.
- "Canadian Diversity: Respecting our Differences." In *Canadian Heritage*. At http://www.canadianheritage.gc.ca/progs/multi/respect_e.cfm. Date Accessed: 02 Nobyembre 2008.
- "Canadian Multiculturalism: An Inclusive Citizenship." In *Canadian Heritage*. At http://www.canadianheritage.gc.ca/progs/multi/inclusive_e.cfm. Date Accessed: 02 Nobyembre 2008.
- Coenders, Marcel & Scheepers, Peer. "The Effect of Education on Nationalism and Ethnic Exclusionism: An International Comparison." *Political Psychology*. Vol. 24, No. 2 (Jun., 2003), pp. 313-343.
- De Torres, Sheila. "Understanding Persons of Philippine Origin: A Primer for Rehabilitation Service Providers." In *Center for International Rehabilitation Research, Information and Exchange*. 2002. At <http://cirrie.buffalo.edu/monographs/philippines.html>. Date Accessed: 04 Nobyembre 2008.
- Frake, Charles O. "Abu Sayyaf: Displays of Violence and the Proliferation of Contested Identities among Philippine Muslims." In *American Anthropologist*, New Series, Vol. 100, No. 1 (Mar., 1998), pp. 41-54.
- Gingrich, Paul. "Introduction to Kymlicka, Multicultural Citizenship." In *University of Regina*. At <http://uregina.ca/~gingrich/k1.htm>. Date Published: February 1997. Date Accessed: 28 December 2008.
- Goldberg, David Theo. "Introduction: Multicultural Conditions." In Goldberg, David Theo, Ed. *Multiculturalism: A Critical Reader*. Oxford: Blackwell, 1994. Pp. 1-41.

- Hunt, Chester L. "Moslem and Christian in the Philippines." In *Pacific Affairs*, Vol. 28, No. 4 (Dec., 1955), pp. 331-349.
- Joseph, Sarah. "Of Minorities and Majorities." In *Multiculturalism: a Symposium on Democracy in Culturally Diverse Societies*, December 1999. At <http://www.india-seminar.com/1999/484/484%20joseph.htm>. Date Accessed: 02 Nobyembre 2008.
- Knight, David B. "Identity and Territory: Geographical Perspectives on Nationalism and Regionalism." In *Annals of the Association of American Geographers*, Volume 72, Number. 4 (Dec., 1982), pp. 514-531.
- Kreuzer, Peter. "Managing ethnic divisions in the Philippines and Malaysia." In *Cornell University Einaudi Center*. December, 2006. At <http://www.einaudi.cornell.edu/PeaceProgram/publications/occasional.asp>. Date Accessed: 09 Nobyembre 2008.
- Kymlicka, Will. "Multiculturalism and Minority Rights: West and East." In *European Center for Minority Issues*. At http://www.ecmi.de/jemie/download/Focus4-2002_Kymlicka.pdf. Date Published: April 2002. Date Accessed: 27 December 2008.
- Lewis, Martin W. "Elusive Societies: A Regional-Cartographical Approach to the Study of Human Relatedness." In *Annals of the Association of American Geographers*, Vol. 81, No. 4 (Dec., 1991), pp. 605-626.
- Mahajan, Gurpreet. "Rethinking Multiculturalism." In *Multiculturalism: a Symposium on Democracy in Culturally Diverse Societies*, December 1999. At <http://www.india-seminar.com/1999/484/484%20mahajan.htm>. Date Accessed: 02 Nobyembre 2008.
- Majul, Cesar Adib. "The Moro Struggle in the Philippines." In *Third World Quarterly*. Volume 10, No. 2, Islam & Politics (Apr., 1988), pp. 897-922.
- McKenna, Thomas. "Muslim Separatism in the Philippines: Meaningful Autonomy or Endless War?" In *Asia Source*. At <http://www.asiasource.org/asip/mckenna.cfm>. Date Published: _____. Date Accessed: 26 December 2008.
- Montalvo, José G. & Reynal-Querol, Marta. "Ethnic Polarization, Potential Conflict, and Civil Wars." In *The American Economic Review*. Volume 95, Number 3 (Jun., 2005), pp. 796-816.
- Noble, Lela G. "Muslim Separatism in the Philippines, 1972-1981: The Making of a Stalemate." In *Asian Survey*, Vol. 21, No. 11 (Nov., 1981), pp. 1097-1114.
- Parekh, Bhikhu. "What is Multiculturalism?" In *Multiculturalism: a Symposium on Democracy in Culturally Diverse Societies*, December 1999. At <http://www.india-seminar.com/1999/484.htm>. Date Accessed: 02 Nobyembre 2008.
- Philippine Center for Investigative Journalism. "Beyond Binondo and Maling." In *PCIJ.Org*. 11 July 2007. At <http://pcij.org/i-report/2007/chinese3.html>. Date Accessed: 06 Nobyembre 2008.
- "Republic Act Number 8371: An Act to Recognize, Protect and Promote the Rights of Indigenous Culturl Communities/Indigenous People, Creating a National Commission of Indigenous People, Establishing Implementing Mechanisms, Appropriating Funds Therefore, and for other Purposes." 29 October 1997. In *Chan Robles Virtual Law Library*. At

-
- <http://www.chanrobles.com/republicactno8371.htm>. Date Accessed: 10 Nobyembre 2008.
- Reyes-Boquiren, Rowena. "Historical Perspectives on Sources of Ethnicity in the Philippines." May 2002. At <http://www.geocities.com/rowenareyesboquiren/ethnos.htm>. Date Accessed: 10 Nobyembre 2008.
- San Juan, Epifanio Jr. "The Paradox of Multiculturalism: Ethnicity and Identity in the Philippines." In *Austrian-Philippines Website*. 1999. At <http://www.univie.ac.at/voelkerkunde/apsis/aufi.htm>. Date Accessed: 06 Nobyembre 2008.
- Smolicz, Jerzy J. & Nical, Illuminado. "Exporting the European Idea of a National Language: Some Educational Implications of the Use of English and Indigenous Languages in the Philippines." In *International Review of Education*. Volume 43, No. 5/6(1997), pp. 507-526.
- Tan, Michael. "Alien Nation: Tisoy Kasi." In PCIJ.Org. 04 July 2007. At <http://pcij.org/i-report/2007/tisoy.html>. Date Accessed: 06 Nobyembre 2008.